Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

RENEWED SERVANT-LEADERS FOR THE NEW EVANGELIZATION
YEAR OF THE CLERGY & CONSECRATED PERSONS 2018

PATNUBAY SA MISA

28 Oktubre 2018 | Ika-30 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

LINGGO NG PAGGUNITA SA MGA BILANGGO

Ang Hamong Maging Mahabagin tulad ni Hesus

Ang huling Linggo ng Oktubre ay siya ring huling Linggo ng Buwan ng Santo Rosaryo at ng mga Misyon. Patuloy tayo sa pagdarasal para sa ating mga misyonero at pag-aalay ng ating mga Rosaryo para sa kanila, gayundin ng ating tulong na materiyal.

Ngunit ngayon ay Linggo rin ng Paggunita sa mga Bilanggo. Ang mga bilanggo ay mga taong malimit nating makalimutan, at marahil, ayaw nating alalahanin. Gayunman, sila'y mga kapatid din nating gaya ng iba'y nangangailangan din ng ating habag, pag-unawa, at dasal.

Alalahanin natin ito habang iniaalay natin ang Eukaristiyang ito para sa lahat ng nakapiit sa mga bilangguan, mga nagsisikap na makatulong sa kanila, at lahat ng mga naglilingkod sa mga bilangguan.

Gayundin, humahango ng sigla sa pagkamahabagin ni Hesus kay Bartimeo, dumulog tayo sa Panginoon para sa ating mga pansariling pangangailangan at mga pangangailangan ng sangkatauhan. Sa Eukaristiyang pagdiriwang na ito, tularan natin ang pakiusap ng bulag na taga-Jerico at manalangin, "Panginoon, ipakita mo sa amin ang kadakilaan ng iyong pag-ibig!"

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magdiwang sa Poon natin. Siya ay ating sambahin. Siya ay ating hanapin nang tayo ay palakasin ng mukha niyang maningning.

Pagbati

P **–**Papuri kay Hesus, ang ilaw ng daigdig na naghahatid ng pananalig sa aming buhay. Nawa ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Bago tayo magsimula sa pagdiriwang ng Eukaristiya, hilingin natin sa Panginoon ang biyaya ng dinalisay na pananaw na espirituwal upang, gaya ni Bartimeo, tayo ay sumunod sa kanya. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Panginoong Hesus, ikaw ang Anak ng Diyos at ni Maria. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, ikaw ay saserdote magpakailanman. Kristo, kaawaan mo kami!

B **– Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, ikaw ang ipinangakong Mesiyas. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B **– Amen!**

Papuri

B **–**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig namin ay iyong dagdagan at gawin mong mahalin namin ang iyong mga

30KP B.indd 1 8/10/2018 1:29:37 PM

kautusan upang sa mga pangako mo kami'y maging dapat makinabang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Jer 31:7-9***

Sa pamamagitan ng mga propeta, tuwinang hinimok ng Panginoon ang mga ipinatapon na umasang darating ang araw ng kanilang paglaya. Matutupad ang ganitong pangako kay Hesus, ang Mesiyas na gumagabay sa sangkatauhan buhat sa pagkakapatapon sa mundong ito tungo sa Ipinangakong Lupa ng langit.

***L* –**Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Ito ang sinasabi ng Panginoon: "Umawit kayo sa kagalakan alang-alang kay Jacob, ipagbunyi ninyo ang pinakadakilang bansa; magpuri kayo at inyong ipahayag na iniligtas ng Panginoon ang kanyang bayan, ang mga nalabi sa Israel.

Narito, sila'y ibabalik ko mula sa hilaga; titipunin ko sila mula sa mga sulok ng sanlibutan, kasama ang mga bulag at mga pilay, ang mga inang may pasusuhin, pati yaong malapit nang manganak; sila'y talagang napakarami!

Uuwi silang nag-iiyakan habang daan, nananalangin samantalang inaakay ko.

Dadalhin ko sila sa mga bukal ng tubig, pararaanin sa maayos na landas upang hindi sila madapa. Pagkat ang Israel ay para kong anak, at si Efraim ang aking panganay."

Ang Salita ng Diyos!
***B* –Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 125***

B* –*Gawa ng D'yos ay dakila kaya tayo'y natutuwa!

R. M. Velez





*** Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip. Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit.** ***B.***

*** Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid. "Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong rikit!" Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di kawasa!** ***B.***

*** Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik. Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa.** ***B.***

*** Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik!** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Heb 5:1-6***

Sa pagpapatuloy niya sa pagpapakilala kay Hesus bilang punong saserdote ng Bagong Tipan, binibigyang-diin ng may-akda ng siping ito ang pagkakatulad ni Hesus sa mga saserdote ng Matandang Tipan at ang kanyang pagkakaiba sa kanila.

***L*–** Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Ang bawat dakilang saserdote'y pinili sa mga tao at itinalagang maglingkod sa Diyos para sa kanila upang maghandog ng mga kaloob at mga hain dahil sa mga kasalanan.

Mahinahon niyang napapakitunguhan ang mga mangmang at naliligaw ng landas, sapagkat siya'y mahina rin. At dahil sa kanyang kahinaan, kinakailangang siya'y maghandog ng hain, hindi lamang para sa kasalanan ng mga tao kundi para sa kasalanan din niya.

Ang karangalan ng pagiging dakilang saserdote ay hindi maaaring kamtan ninuman sa kanyang sariling kagustuhan. Ang Diyos ang humihirang sa kanya, tulad ng pagkahirang kay Aaron. Gayon din naman, hindi si Kristo ang nagtaas ng kanyang sarili sa pagiging dakilang saserdote. Siya'y hinirang ng Diyos na nagsabi sa kanya, "Ikaw ang aking Anak, Ako ang iyong Ama." Sinasabi rin niya sa ibang bahagi ng Kasulatan, "Ikaw ay saserdote magpakailanman, ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec."

Ang Salita ng Diyos!
***B* –Salamat sa Diyos!**

Aleluya

***B* –Aleluya! Aleluya!**

Si Kristo ay nagtagumpay, nalupig ang kamatayan, nagningning ang pagkabuhay. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mc 10:46-52***

Ang pagpapabalik ng paningin kay Bartimeo ay nagpapatunay ng pambihirang kapangyarihan ni Hesus na magpagaling at ng kanyang bukas-palad na kahandaang tumulong sa mga nangangailangan. Ngunit para makalasap ng gayon niyang kapangyarihan, kailangan muna ang pananalig na kasing lalim ng kay Bartimeo.

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
***B* –Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, dumating si Hesus sa Jerico, kasama ang kanyang mga alagad at marami pang iba. Nang umalis na sila roon, may naraanan silang isang bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. Siya'y si Bartimeo, anak ni Timeo.

Nang marinig niyang naroon si Hesus na taga-Nazaret, sumigaw siya ng ganito: "Hesus, Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!" Pinagsabihan siya ng mga tao at pinatatahimik, ngunit lalo pa siyang nagsisigaw, "Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!"

Tumigil si Hesus at kanyang sinabi, "Tawagin ninyo siya." At tinawag nga nila ang bulag. "Lakasan mo ang iyong loob," sabi nila. "Tumindig ka. Ipinatatawag ka niya." Iniwaksi niya ang kanyang balabal, paluksong tumayo at lumapit kay Hesus. "Ano ang ibig mong gawin ko sa iyo?" tanong sa kanya ni Hesus. Sumagot ang bulag, "Guro, ibig ko po sanang makakita." Sinabi ni Hesus, "Humayo ka; magaling ka na dahil sa iyong pananalig." Noon di'y nakakita siya, at sumunod kay Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu

30KP B.indd 2 8/10/2018 1:29:38 PM

Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Pinasisigla ng mahabaging pagtugon ni Hesus sa pakiusap ni Bartimeo, magdulog tayo ng ating mga kahilingan sa kanya para sa mga pangangailangan ng lahat ng tao, lalo na para sa mga higit na nangangailangan ng kanyang habag. Maging tugon nati'y:

***B* – Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa buong pamayanan ng mga mananampalataya: Nawa pahalagahan nito ang araw-araw na pagrorosaryo at gawin itong mabisang kasangkapan para itaguyod ang pagkakaisa, kapayapaan, at pagkakaunawaan sa lahat ng pamilya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at lahat ng kaparian: Nawa sila ay laging magkaroon ng maawaing puso upang akayin patungo kay Hesus ang mga taong tulad ni Bartimeo na tumatawag sa kanya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga bilanggo: Nawa ang buhay nila sa piitan ay maging pagkakataon para sa kanila upang makatagpo si Kristo, magsisi sa kanilang nagawang pagkakasala, at patuloy na makalasap ng pag-ibig at habag ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga biktima ng mga krimen: Nawa makatagpo sila ng lakas at kagalingan sa pag-ibig at habag ng mga taong nakapaligid sa kanila, at mapatawad din nawa nila ang mga nakasakit sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga tumutulong para sa kapakanan ng mga bilangguan: Nawa magtagumpay sila sa paglalapat ng katarungan sa buhay ng mga bilanggo at mga biktima ng krimen. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Nawa buksan natin ang ating mga mata upang makita ang mga pangangailangan ng ating kapwa, at sila man ay makakita kay Hesus sa atin. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating pansariling mga kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoon, salamat sa kadakilaan ng iyong pag-ibig at habag. Sa pamamagitan ni Maria, Reyna ng Santo Rosaryo, ang buhay namin nawa'y maging salamin ng mga katotohanang dinarasal at pinagninilayan sa debosyong ito. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman!

***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –** Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –**Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay na aming inihahain sa iyong kadakilaan upang ang paglilingkod na aming ginagampanan ay humantong sa iyong lalong ikadarangal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

Prepasyo I

***P* –**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa dakilang pagtubos niya sa amin ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay binalikat niya upang kami'y palayain at maitampok sa iyong luningning. Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang, pari at haring lingkod sa iyong kamahalan. Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag upang makasapit sa iyong liwanag bilang iyong angkang may tungkuling maglahad ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

***B* – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

***P* –** Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P* –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magiging kaligayahang aming pakikinabangan ang iyong pagtatagumpay. Panginoon, ang 'yong ngalan ay aming papupurihan.

Panalangin Pagkapakinabang

***P* –**Ama naming mapagmahal, maging lubos nawa ang aming pakikinabang sa tinanggap namin sa piging mong banal upang ang aming ginaganap nang lantaran ay siyang aming makamtang tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

30KP B.indd 3 8/10/2018 1:29:38 PM

PAGWAWAKAS

P **–**Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
Pagpalain nawa kayo ng Diyos sa lahat ng paraan at pagkalooban kayo ng kapayapaan sa buong buhay ninyo.
B **–Amen!**

P **–**Iligtas nawa Niya kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong mga loob sa Kanyang pagmamahal.
B **–Amen!**

P **–**Kayo nawa'y maging mga kasangkapan ng Kanyang pag-ibig at habag sa lahat ng nangangailangan ng tulong.
B **–Amen!**

P **–**At pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B **–Amen!**

P **–**Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon.
B **–Salamat sa Diyos!**

SI KRISTO, ANG LIWANAG NG LAHAT

Kung saglit tayong pipikit at magtangkang kumilos sa ating kinaroroonan, agad nating madarama ang pag-aalinlangan at paghihirap ng bulag. Iyo'y isang nakapanlalamig na kadilimang nanunuot sa ating mga damdamin at isipan. ***Ang pagkabulag ay isa ngang pagkaaliping nakapanlulumo sa mga nagtitiis ng hirap nito.***

Di kataka-takang sigaw nang sigaw si Bartimeo, "Hesus, Anak ni David, maawa ka sa akin!" sa kabila ng pagpapatahimik sa kanya ng mga tao. *(Sangguniin Mc 10:47-48.)* Palibhasa nakabalita sa kapangyarihan ni Hesus na magpagaling, ***naniniwala si Bartimeong ang pagdaraan ni Kristo ay isang magandang pagkakataon para siya ay muling makakita*** ng mga hugis at kulay ng maraming bagay sa kalikasan; makakita ng mga mukha ng mga tao . . . .

At hindi siya binigo ni Hesus. Siya ang "liwanag ng sanlibutan" *(Jn 8:12)* na nagsabog ng kanyang liwanag sa bulag na taga-Jerico. Nanumbalik kay Bartimeo ang kanyang paningin, na animo'y salamin ng ningning ng pananampalatayang nag-uumapaw na sa kanyang puso. Sa gayon, ***nabawasan ng isang pulubi ang Jerico at si Kristo'y nagtamo ng isang bagong masiglang disipulo.*** *(Sangguniin Mc 10:52.)* At para sa mga may nais makakita, isa pa iyong palatandaan na ang Kaharian ng Diyos ay narito na sa katauhan ni Hesus.

Mayroo't mayroon ngang pagkabulag. Ang buong mundo, kahit ngayon, ay tulad ng isang malaking Jerico kung saan ***maraming tao ang espirituwal na bulag at di nakakapansin sa liwanag ni Kristo at sa maaaring maging kahulugan nito sa kanilang buhay.*** Pinagkaitan ng liwanag ng pananampalataya, na kalimita'y di dahil sa kanilang kasalanan, ang maraming taong ito ay nabubuhay sa aandap-andap na takipsilim ng mga pilosopiya at paniwala ng mga tao, o nababalot sa kadiliman ng mga hamak na pamahiin.

Si Kristo, "ang liwanag na para sa lahat ng bansa" *(Isa 42:6)* ay patuloy na lumalapit sa kanila sa katauhan ng mga misyonerong tagapaghatid ng liwanag ng pananampalataya. Dulot nila sa kanilang kaawa-awang mga kapatid ang ningning ng pananampalatayang nagbibigay ng kahulugan at direksiyon sa kanilang buhay. ***Ang liwanag ni Kristo ay dapat ding makaabot o magpalakas sa mga nakapiit sa mga bilangguan,*** maging tunay mang maysala o mga biktima lamang ng kawalan ng katarungan. Ang mga marapat na nahatulan ay nangangailangan ng liwanag ni Kristo upang maunawaan nila ang bigat ng kanilang nagawa, magsisi rito, at magsikap na mapagbayaran ito. Ang iba namang di makatarungang nahatulan ay nangangailangan ng liwanag ni Kristo upang humango sila ng lakas sa kanyang halimbawa, at ang hatol sa kanila'y gawin sanang pagkakataon para sa kanilang paglagong espirituwal. Maaari pa rin nilang pag-ibayuhin ang kanilang paglahok sa misteryo ng pagpapakasakit ni Kristo, at sa gayon, makatulong pa sila sa pagliligtas ng iba. Tunay ngang ang liwanag ni Kristo ay isang pagpapala para sa lahat.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • ***Circulation:*** R. Saldua

30KP B.indd 4 8/10/2018 1:29:39 PM